# Liquor ban sa QC, lifted na

Maaari na muling makabili ng mga alcoholic beverages sa Quezon City.

Ito ay makaraang lagdaan ni QC Mayor Joy Belmonte ang Executive Order 31 series of 2020 na nagtatanggal na ng pagbabawal sa pagbebenta at pag-inom ng alak sa QC sa panahon na umiiral ang modified enhanced community quarantine sa Metro Manila.

Bagamat lifted na ang liquor ban mayroon pa ring ilang reglamento ang dapat sundin hinggil dito.

Sa ilalim ng kautusan, nakasaad na ang lahat ng indibiduwal, entities o establisimento na may balidong Liquor license and regulatory Board (LLRB) licenses ang maaari lamang magbenta at magdistribute ng alak o ng anumang alcoholic beverages

Ang mga retailers ay pinapayagan na magbenta ng alak o ng anumang alcoholic beverages sa panahon ng MECQ mula lamang ala-1 ng hapon hanggang alas-5 ng hapon kada araw.

Ang mga supermarkets, groceries, liquor stores at iba pang high volume retailers ay kailangang maging limitado lamang ang arawang pagbebenta ng alak para sa personal consumption.

Kasama rin dito ang sari-sari stores, kiosks at iba pang low volume retailers.

Pinapayagan lamang na inumin ang alak sa private residences para sa duration ng MECQ.

Maaaring sampahan ng kasong kriminal, pagmultahin at ipasara ang establisimiento sa lalabag sa kautusang nabanggit. *(Angie dela Cruz)*